*PRESIDENTIAL COMMUNICATIONS OPERATIONS OFFICE*
**News and Information Bureau**

**PRESS BRIEFING OF ACTING PRESIDENTIAL SPOKESPERSON**
**CABINET SECRETARY KARLO NOGRALES**
**MARCH 1, 2022 (12:07 P.M. – 1:00 P.M.)**

**USEC. IGNACIO:** Good afternoon. Live po tayo sa New Executive Building. Welcome po sa regular press briefing ni Acting Presidential Spokesperson and Cabinet Secretary Karlo Nograles.

**CABSEC NOGRALES:** Maraming, maraming salamat, Usec. Rocky. Talaga naman kapag live 'no, lagare pati.

Magandang tanghali po sa ating mga kababayan at sa Malacañang Press Corps.

Ngayon, a-uno ng Marso 2022, ang unang araw ng implementasyon ng Alert Level 1 sa Metro Manila at sa tatlumpu't walo (38) pang mga lugar sa Pilipinas.

The timing could not have been more appropriate. Unang anibersaryo din po ngayon ng rollout ng ating mass vaccination program kontra COVID-19. Sa loob ng isang taon, marami na po ang nangyari. At the beginning, we faced numerous challenges as we worked to address logistics and supply issues and to quell unfounded and baseless fears about these life-saving vaccines. But with the commitment and dedication of our frontliners and public servants in the national government and our local government units, we launched the country's largest, most extensive vaccination program in our nation's history.

As we implemented this unprecedented public health initiative, we inevitably faced stumbling blocks, but we persevered. We faced disinformation and vaccine hesitation and we persevered. We faced two dangerous contagious variants of this virus, and we persevered.

Oo, may mga napagod sa atin – napagod sa health protocols, napagod sa mga maraming pinagbabawal, napagod sa paulit-ulit na pagpapaalala tungkol sa dangers ng COVID. Totoo naman na may pagkakataon na pinanghinaan ng loob, lalo na noong nagkaroon ng mga surge, ngunit kailanman hindi nagapi ang ating espiritu, dahil mayroon tayong layunin: Ang magtagumpay sa laban kontra COVID-19.

The results speak for themselves. Ngayon, masaya tayo na tatlumpu't siyam na lugar sa Pilipinas ay nasa Alert Level 1 na. Isang hakbang papasok sa tarangkahan ng bagong normal. Ito ang naging paksa kagabi sa regular Monday Talk to the People Address ni Pangulong Rodrigo Roa Duterte. Ito ang ilan sa mga highlight:

Nagpahayag ng suporta si DOTr Secretary Arthur Tugade sa pagbaba ng COVID-19 Alert Level status. Aniya, ito ay science-based, health-dictated, at kailangan para palaguin ang ekonomiya. Tulad ng buong gobyerno, handa ang DOTr sa pagbabagong ito.

Samantala, sinabi naman ni Vaccine Czar Secretary Carlito Galvez, Jr. na we will closely observe the implementation of Alert Level 1 while we continue our aggressive vaccination efforts. Kasama rito ang pagbabakuna ng mga seniors na hindi pa natuturukan, ang pagbabakuna ng 5 to 11 years old at pagbibigay ng boosters.

Inaasahan naman ni DTI Secretary Ramon Lopez ang full momentum of economic growth ngayong nasa Alert Level 1 na ang maraming lugar. Nasa 400,000 to 500,000 na mga trabaho ang uusbong sa ating shift sa Alert Level 1 sa NCR, sa Central Luzon at Cavite. Dagdag pa ni Sec. Lopez, magkakaroon ng "strong rebound" sa sektor ng turismo dahil sa pagtanggal sa quarantine requirements for international travel at pag-alis naman ng domestic travel requirements.

Sinusugan naman ito ni NEDA Secretary Karl Chua na inisa-isa ang benepisyo sa ating pagsampa sa Alert Level 1. Kabilang dito ang 9.4 billion pesos more per week of economic activity, tatlong bilyong piso po more in salaries per week, at 170,000 less unemployed over the next quarter. Mamaya ay makakasama natin si Sec. Chua para mas bigyan tayo ng detalye.

Binigyan-diin ni DILG Secretary Eduardo Año na tuloy pa rin po ang granular lockdowns kahit na sa Alert Level 1 ang maraming lugar. As of February 26, 2022, nasa 104 barangays ang nasa granular lockdown sa buong bansa.

Samantala, iniulat ni Department of Education Secretary Leonor "Liling" Briones ang matagumpay na pagpapatupad ng pilot face-to-face classes. Nasa mahigit 1,700 na mga paaralan ang nakilahok, at nasa 6,213 naman na mga paaralan ang handa na sa in-person classes.

Sa usaping bakuna naman, iniulat ni FDA OIC Oscar Gutierrez na sisimulan na ang construction ng Vaccine and Biology Laboratory Project. Bahagi ito ng Vaccine Self-Reliance Program bilang pagtalima sa direktiba ng Pangulo na bawasan ang dependence sa mga imported na bakuna at ma-capacitate ang development ng local vaccines. Ini-report din ng FDA na mayroon na silang draft guidelines on E-Pharmacies. Kaugnay nito, inatasan ng Pangulo si PCOO Secretary Martin Andanar na bigyan ng time slot ang FDA para ma-educate ang publiko sa online buying ng mga gamot mula sa accredited establishments only.

Sa usaping bakuna pa rin. Nagpapasalamat po tayo sa Estados Unidos dahil dumating kagabi, February 28, 2022, ang 769,860 doses ng Pfizer vaccine na donasyon ng Amerika sa Pilipinas sa pamamagitan ng COVAX Facility. Maraming, maraming salamat po.

Mayroon na tayong 135,747,294 na total doses administered as of February 28, 2022. Nasa mahigit 68.8 million na ang naka-first dose habang nasa mahigit 63.2 million ang naka-complete dose or fully vaccinated, ayon sa National COVID-19 Vaccination Dashboard. Nasa mahigit 10.2 million naman ang nakatanggap ng booster/additional doses. At pagdating naman sa pediatric vaccination, nasa 8.4 million na po ang fully vaccinated sa mga batang may edad dose (12) hanggang disisiete (17) anyos, habang nasa 736,880 naman sa mga batang nasa edad lima (5) hanggang labing-isang (11) taong gulang ang nakatanggap na ng first dose.

Dumako naman tayo sa mga numero sa COVID-19. Patuloy ang pagbaba ng mga bagong kaso. Ayon sa February 28, 2022 COVID-19 Case Bulletin ng DOH, nasa 951 ang mga bagong kaso ng COVID sa bansa. This is the first time na bumagsak ang bilang ng mga kaso ng COVID-19 ng mas mababa sa isanlibo ngayong taong 2022. Sa bilang na ito, halos lahat or 91.6% ang mild at asymptomatic. Samantala, ang positivity rate ay nasa 5% for the second straight day. Ano pong ibig sabihin nito? Limang tao ang nagpupositibo sa bawat isandaang nagpapa-test. A positivity rate of 5% and below is acceptable for the World Health Organization (WHO). Nasa 97% naman ang porsiyento ng mga gumaling. Mahigit 3.5 million po ang naka-recover at gumaling mula sa karamdamang ito. Ikinalulungkot po naming ipaalam sa inyo na kahapon ay limampu (50) ang na-i-report na pumanaw dahil sa virus na ito. Our fatality rate is currently at 1.54%, which is lower than the 2% global average.

Sa estado naman ng ating mga ospital, nasa below 28% na ang ating hospital care utilization rate.

Sa ibang bagay, ngayon po ay ating ipinagdiriwang ang Araw ng Dabaw. Sa atong mga kaigsuonang taga-Davao, Happy 85th Araw ng Dabaw. Padayon Dabaweños!

Bago tayo pumunta sa mga tanong ng MPC, makakasama natin si NEDA Secretary Karl Chua. Sec, ano po ang inaasahan natin sa ating ekonomiya ngayong nasa Alert Level 1 na po ang maraming lugar dito sa bansa?

Pangalawang tanong, ano po ang rekomendasyon ng ating economic team para bumalik ang mga trabahong nawala noong kasagsagan ng pandemya?

Sec. Karl?

**NEDA SEC. KARL CHUA:** Magandang hapon po, CabSec. Naririnig po ba ako?

**CABSEC NOGRALES:** Yes. Loud and clear, Sec.

**NEDA SEC. KARL CHUA:** Okay. Sige po. Magbigay lang ako ng maikling presentation para bigyan-diin iyong benepisyo ng Alert Level 1 na nagsimula na ngayon.

So iyong presentation ko po ay iyong benepisyo ng Alert Level 1 at ito ay nagbibigay sa atin ng sigla sa ating ekonomiya pero marami pa ang puwede nating gawin para mas mapabilis ang takbo ng ating ekonomiya. Iyan po iyong ipi-present ko po ngayon.

Magsimula po tayo sa recent developments. Isa lang ang ipapakita ko, isang summary. Nagbukas po tayo last October 12, 2020 when we decided to further reopen the economy at hindi po tumaas iyong mga kaso. Sa totoo, pababa nang pababa iyong kaso. Tapos iyong nag-shift po iyong NCR to Alert Level 2 last November 2021, pababa at pababa rin po iyong kaso. So ibig sabihin, iyong pagbukas po natin ng ekonomiya ay hindi po iyan nagdudulot ng pagtaas ng kaso ng COVID dahil natuto na po tayo. We are managing the risk; we are wearing mask and we are washing hands and following the health standards.

Iyong mga cases ay umaakyat kapag may pumapasok na variant tulad ng iyong Alpha variant, iyong Delta variant at iyong Omicron variant. So ito ay isang basis ng ating pagbukas ng ating ekonomiya to Alert Level 1.

At ngayon po, pag-usapan po natin nang malalim iyong benefits ng Alert Level 1. Simula ngayon, 39 areas po ay nasa Alert Level 1. Ito iyong nakakulay green sa mapa ng Pilipinas at the rest of the country is in Alert Level 2. Ito ay magandang situation para sa ating bansa. At marami pong benepisyo iyong Alert Level 1. Halimbawa po, Alert Level 1 will benefit 62% of the economy at 20.3 million workers. Ibig sabihin, itong mga manggagawa ay mas makakapagtrabaho na at puwede nang makakita nang mas malaki.

In terms of iyong actual benefits to the economy kagaya ng pinakita ni CabSec kanina, uulitin ko lamang P9.4-B more per week of economic activity ang inaasahan natin simula sa araw na ito of which P3-B ay salaries. Ito iyong dagdag na kita or suweldo sa mga fellow workers natin. At dahil nag-increase po tayo ng capacity at ng other economic activities, mas marami iyong puwedeng makakita ng higher wages or salary. Tapos 170,000 less unemployment ang inaasahan natin over the next quarter.

Ngayon tingnan naman natin kung iyong buong Pilipinas ang ilalagay natin sa Alert Level 1. So mas malaki po iyong benepisyo. P16.5-B per week ang maidadagdag natin sa ating GDP or economy of which P5.2-B more in salaries per week at mababawasan ang unemployed by 297,000. At sana sa susunod na linggo ay magiging green or Alert Level 1 na ang buong bansa. At kaya naman iyan kung tayo ay magtutulungan, if we cooperate and follow the minimum health standards.

Ang sector ng turismo ay isa sa mga pinakamalaking beneficiary ng Alert Level 1. Sa 2020, P1.5-ang nawala sa tourism sector pero at least one half of that, 750 billion, ay puwede nating mabawi given that we are in Alert Level 1.

At mino-monitor din natin iyong mga transport, hotels, malls, restaurants na nakita po natin na under Alert Level 2, nag-increase iyong capacity from 40 to 85%. That was prior to the Omicron spike. Sa Alert Level 1, inaasahan natin na mas tataas pa ito to 70 to 100%.

So iyan po iyong ilan sa mga benefits ng Alert Level 1 at ito ay makakatulong sa paglago ng ating ekonomiya sa taong ito.

At bago ako magtapos, gusto ko pong ipaalam na iyong face-to-face schooling ay isa sa mga malaking contribution din sa ating ekonomiya. Sabi po ng DepEd 1,726 schools na ang bukas for pilot face-to-face learning or 2.9% of the more than 60,000 schools. At iyong ready for face-to-face learning ay 6,213 or more than 10%. At sana po ay maabot na rin natin iyong gradually iyong pagkumpleto ng pilot or face-to-face learning ng buong 60,470 preschools.

So as the children gets vaccinated, this is the opportunity to open more schools for face-to-face learning so that we can boost the economy and improve the learning opportunity of children. Ito ang isa sa mga benefits ng pagbukas ng face-to-face learning. So we will add around P12-B per week to the economy kasi babalik iyong services around the schools like transports, iyong dorms, iyong food stalls, school materials and so on.

Iyong sinara po natin iyong face-to-face learning, we lost P11-T per year of no face-to-face schooling or P23-T for two years of no face-to-face schooling. So kailangan nating bawiin ito kasi maaapektuhan ang future ng ating mga anak at mga apo. It will also improve learning outcomes by 50% kasi mas effective talaga iyong face-to-face learning kaysa iyong module o online learning. At one fourth of parents actually stay home like myself to help younger children go through modular or online schooling. So makakatulong ito.

Limited lang iyong effect ng Alert Level 1 kung wala pang opening of schools kasi one fourth of parents imbes na magtrabaho ay nasa bahay lamang. So iyan po ang sana ay maihabol natin in the next few weeks.

Let me end by saying na we have proposed, the economic development cluster has proposed a ten-point policy agenda to accelerate and sustain economic recovery in 2022 and beyond. So i-summarize ko lang po iyong ten-point policy agenda na marami dito ay ginagawa natin pero kailangan i-pursue pa natin at i-sustain at i-expand.

Una, iyong metrics natin imbes na iyong total cases ang binibilang natin, siguro mas importante na bilangin or bantayan natin iyong severe cases and deaths para sila iyong tulungan natin. Siyempre kasama na rito iyong vaccination rate at iyong pag-ensure na iyong healthcare or hospital capacity natin ay laging handa para tulungan iyong mga may malubhang sakit.

Iyong number four, iyong opening of the economy and mobility. Marami na tayong progress dito especially since nasa Alert Level 1 na tayo.

Iyong number 5, iyong schooling gaya po ng sinabi ko iyong pag-open ng face-to-face schooling ay talagang itutulak ang economic growth natin back to normal levels.

Iyong numbers six and seven ay domestic and international travel. Marami na tayong ginawa dito we just have to sustain and expand and increase the quota.

Number eight is digital transformation kasi marami na ang online activities, online sales. Ituloy din natin ito.

Number nine and ten is our preparation for future pandemic. So we proposed na may isang pandemic flexibility bill para laging handa tayo with resources to help those affected. Para hindi na tayo babalik sa Kongres0 for Bayanihan 1, 2 or may proposal pa nga dati na Bayanihan 3.

At number 10 is our medium-term preparation for pandemic resilience. Itatrato natin iyong pandemic tulad ng bagyo, baha, lindol. So as a disaster, we are prepared so let's consider future pandemics also so we are prepared.

So iyan ang programa natin, CabSec, para sa lalong mas mabilis at magandang takbo ng ating ekonomiya.

Maraming salamat po.

**USEC. IGNACIO:** Thank you, Secretary.

Unahin ko na po iyong tanong ni Jena Balaoro ng GMA News para po kay Secretary Karl Chua: Secretary Chua, with the reopening of the economy, is there a possibility for a wage increase before the term of President Duterte ends?

**SEC. CHUA:** Iyong wage increase po, kapag minimum wage ang sinasabi ninyo, iyan po ay dumadaan sa Regional Tripartite Body.

Pero iyong nakikita namin sa NEDA ay marami kasing mga workers ay part time or hindi full capacity. Halimbawa sa restaurant, nakita po natin during Alert Level 2 and three and four ay pumapasok sila, hindi fulltime, but part time. So, nakikita po natin ngayon, under Alert Level 1, kasi wala na iyong capacity restriction. iyong kanilang wages ay likely to go back to normal at iyan po ay malaking tulong na rin sa pamilya. At gaya po ng sinabi ko nawala ang P3 billion natin per week of wages, iyan po ay ibabalik natin sa pamamagitan ng mas maluwag na restriction, which is Alert Level 1. Salamat po.

**USEC. IGNACIO:** Thank you, Secretary Karl. Secretary Karlo, Job Manahan ng ABS-CBN News: Na-transmit na ba kay President Duterte iyong Vape Bill, this was ratified by the Senate last January 27, may update na po daw ba?

**CABSEC. NOGRALES:** Per Malacañang record, hindi pa po nata-transmit to Malacañang.

**USEC. IGNACIO:** From MJ Blancaflor of Tribune: Ano po ang ating assessment so far sa first day ng Alert Level One sa Manila? Is the government satisfied in terms of public compliance with health protocols especially daw po wearing of face mask?

**CABSEC. NOGRALES:** May I refer the question to USec. Rosette? USec. Rosette, ano po ang assessment ng DOH sa, well day one, hindi complete ang 24 hours pero, March 1, day one of Alert Level 1?

**DOH USEC. VERGEIRE:** Yes, CabSec, magandang hapon po sa inyo at kay Secretary Karl and USec. Rocky and to all of you na mga media partners and the public.

Wala pa po tayong nari-receive, usually we receive reports at the end of the day. We receive reports from the DILG regarding compliance to minimum public health standards and also we receive case updates. Pero kailangan maintindihan po ng public na kung anuman po ang magiging epekto nitong pag-implementa natin ng Alert Level 1 dito po sa areas natin na 39, ito po ay makikita po natin in about 10 to 14 days. So hindi po natin masasabi na halimbawa biglang tumaas ng dalawa ang kaso bukas, epekto na po iyan ng Alert Level 1 na ginawa po natin. So, sa ngayon wala pa po, maybe tomorrow we can give updates as to the compliance to the minimum public health standards.

**USEC. IGNACIO:** Thank you, USec. Vergeire. Secretary Karlo from Rosalie Coz ng UNTV: Buboto po ang Pilipinas pabor sa resolusyon sa UN General Assembly para kondenahin ang Russia invasion sa Ukraine? Bukod po dito, may iba pa po bang mas matitinding hakbang ang gagawin ng Pilipinas, ang Philippine government upang tulungan po ang mga naapektuhan ng giyera sa Ukraine? Ano po ang reaksiyon ng Palasyo sa panawagan ng Ukrainian Presidente na global ban sa Russian planes and ships? Kinukonsidera po ba ito ng Duterte administration? Bakit hindi?

**CABSEC. NOGRALES:** Magkakaroon po tayo ng meeting mamaya. Gaya ng sinabi Pangulo kagabi doon sa kanyang Talk to the People Address ay magpapatawag po siya ng meeting kabilang at kasama ang mga iba't ibang officials of government kabilang na po dito iyong mga high-ranking officials ng AFP, ng Philippine National Police at piling mga Cabinet officials para pag-usapan po ang sitwasyon sa Ukraine.

So, abangan na lang po natin kung ano ang magiging developments doon sa meeting na gaganapin mamaya at kung may mga statements man o magkakaroon ng updates man ay ibabahagi din natin sa publiko pagkatapos ng meeting.

**USEC. IGNACIO:** Thank you, Sec. Karlo.

**CABSEC. NOGRALES:** Thank you, USec. Rocky. Tumungo naman po tayo kay Mela Lesmoras ng PTV.

**MELA LESMORAS/PTV:** Hi! Good afternoon, Secretary Nograles, USec. Vergeire, Secretary Chua at USec. Rocky.

Secretary Nograles, just a quick follow up lang po doon sa nabanggit ninyo na meeting mamaya. Dahil sinabi rin ni Pangulong Duterte sa kanyang Talk to the People na abangan at pakinggan ito ng publiko, mapapanood po ba ito ng live at ano po iyong inaasahang mga partikular na tatalakayin dito, kasi even business sector invited din po ba dito?

**CABSEC. NOGRALES:** Balikan ko kayo, kung ito ba ay ilalabas ng live or magkakaroon ba ng snippets na mga videos na ipapalabas po sa publiko. Kailangang maunawaan natin iyong sensitivity din po ng topic na pag-uusapan dahil mayroon pong national security implications din po ito, iyong pag-uusapan na, very sensitive topics, which is iyong sitwasyon sa Ukraine at paano po itong magkakaroon ng impact sa ating bansa, sa ating mga kababayan, maging sa ating ekonomiya.

Kaya nga po ay nabanggit nga ni Pangulo kagabi na maaaring pati—baka sa private sector, magkakaroon din po ng… may mai-invite din siya. although pina-finalize pa po namin iyong magiging lists of invitees. Again, very sensitive kasi ang topic 'no, it has national security implications that's the reason why we will have to see kung ito ba ay ilalabas or ano ba ang portions na puwedeng ilabas sa publiko.

In any case, ang importante is pagkatapos po ng meeting ay magkakaroon po tayo ng statement to apprise the public' 'no. Dahil sinabi din po ni Pangulo na importante ding maunawaan ng publiko, ng ating mga kababayan, ano ang magiging implications ng sitwasyon na ito sa ating bansa.

**MELA LESMORAS/PTV:** Opo. And, sir, speaking of Malacañang events, since Alert Level 1 na rin, kailan po po kaya papayagan ulit iyong media na makapasok at makapag-cover sa Malacañang?

**CABSEC. NOGRALES:** Pina-finalize na po natin iyan together with mga officials ninyo sa MPC at maging iyong sa protocols natin dito sa loob ng Malacañang. So we are finalizing the protocols under Alert Level 1.

**MELA LESMORAS/PTV:** Opo. Secretary Nograles, tungkol lang po sa work from home kasi isa ito sa mainit na usapin ngayon.

Ang tanong ng ilan nating kababayan: Anu-ano po ba iyong mga instances na puwede pa rin itong payagan, like if my comorbidities or legit reasons, puwede pa rin po ba ito under Alert Level 1 areas? At puwede rin daw po bang kaltasan ng sahod ang mga empleyadong tatanggi sa onsite reporting kung nagagawa naman nila iyong trabaho nila sa bahay?

**CABSEC. NOGRALES:** As far as government is concerned 'no. Babasahin ko na lang and I will refer you to our latest Memorandum Circular para na rin sa ating mga kawani sa gobyerno 'no.

So Memorandum Circular Number 96, mula sa Office of the President, nakalagay po dito na under Alert Level 1 po: All agencies and instrumentalities of government shall adhere to 100% onsite workforce. Pag Alert Level 2, at least 80% onsite workforce.

Bakit po nakalakagay "at least" dahil based on Section 2, "*In areas placed under Alert Level 2 up to Alert Level 5, the heads of all agencies and instrumentalities of the executive branch, including Government-Owned and Controlled Corporations or GOCCs ay increase the onsite workforce of their offices beyond the minimum provided.*

*Department Secretaries may require heads of agencies over which they have control or supervision or which are attached to their departments to implement a larger onsite workforce should the one set by the agency head be insufficient for the delivery of services as determined by the department Secretary.*

*Agencies providing health and emergency frontline services, laboratory and testing services, border control and other and other critical services shall require an onsite workforce that is larger than the minimum provided above as may be necessary to deliver their mandates.*

*In all cases, the requirement of onsite workforce shall be subject to social distancing requirements and other minimum public health."*

Nakalagay din po dito, *"The heads of all agencies and instrumentalities of the executive branch including GOCCs may require government officials or employees who are infected or those identified as close contacts of suspects, probable and/or confirmed case of COVID-19 or asymptomatic and underwent the required quarantine while waiting for the result of swab test administered or completing the required quarantine as prescribed to adopt work from home arrangements subject to rules and regulations issued by the Civil Service Commission. And the offices of Legislative and Judicial Branches of government, independent constitutional commissions and bodies and local government units are strongly urged to adopt the provisions of this circular."*

So this memorandum circular shall take effect immediately. So this is as far as the executive branch of government is concerned 'no. Pagdating naman sa private sector, dependent po iyan sa mga rules and regulations governing the companies. But siyempre, they have to adhere to issuances din ng Department of Labor and Employment. So for details, I would suggest, please get in touch 'no, itong mga private companies, please get in touch with the Department of Labor and Employment para kayo po ay magku-comply sa mga issuance ng ating Department of Labor and Employment.

**MELA LESMORAS/PTV:** Opo. Isang pahabol na tanong na lamang po, Cabsec Nograles, mula sa kasamahan namin sa PTV na si Bea Bernardo. Cabsec, nagsagawa ng air strike ang AFP laban sa Dawlah Islamiya-Maute Group sa Lanao del Sur. Given iyong history ng Mindanao sa Maute Group, ano po ang order ng Palace sa AFP at assurance sa mga taong natatakot doon ngayon?

**CABSEC NOGRALES:** Yes, our Security, Justice and Peace Cluster really are ensuring that, number one, iyong efforts natin against terrorism, against terrorist groups will continue; number two, we must protect our civilians and ensure peace and order. So all of the operations ng ating Security, Justice and Peace Cluster is all towards the attainment of full peace and the end of terrorism and their groups that have been identified as terrorist groups and organizations na kung saan the directive really is for us to attain total peace by stopping the operations of these terrorist organizations and groups.

**MELA LESMORAS/PTV:** Okay. Maraming salamat po, Cabsec Nograles, at sa iba nating opisyal.

**CABSEC NOGRALES:** Thank you, Mela. Back to you, Usec. Rocky.

**USEC. IGNACIO:** Thank you, Sec. Karlo. From Maricel Halili ng TV5, Sec., doon sa special meeting, nasagot ninyo na. Similar question po iyan mula kay Job Manahan ng ABS-CBN, Ivan Mayrina ng GMA News at Tuesday Niu ng DZBB.

Ang follow up po ni Ivan Mayrina ng GMA News: Kung ii-ere po ito sa Talk to the People?

**CABSEC NOGRALES:** Ito po iyong ano, iyong kagaya nang sinabi ko, because and due to the sensitivity of the topic and because of its national security implication as well, we'll have to see, wait and see 'no kung ano iyong magiging conversations, the dialogues, the discussions in the meeting. And we will have to assess which of those ang ipapalabas ba o isasapubliko ba if ever.

But in any case, at the end of the meeting ay mag-iisyu naman po tayo ng statement to apprise the people. And importante dito, ang instructions talaga ni Pangulo is to make sure that the Filipino people, our nation, ang ating mga kababayan are fully and well aware of the situation, what is going on in Europe, primarily, dito sa sitwasyon sa Ukraine; ano po ang implikasyon nito sa ating bayan, sa ating bansa, sa ating mga kababayan, sa ating ekonomiya. And we have to keep the Filipinos abreast on any and all developments pertaining to the situation in Ukraine and in Europe in general. At ipagdasal po natin that the world leaders will all find avenues for peace.

**USEC. IGNACIO:** Opo. From Wena Cos ng ABS-CBN for Usec. Vergeire: Tuwing kailan na lang daw po maglalabas ng public tracker at case bulletin ang DOH? Kailan magsisimula ang bagong schedule ng labas ng public tracker at case bulletin? Similar question po iyan with Tuesday Niu ng DZBB.

**DOH USEC. VERGEIRE:** Yes 'no. So, Usec. Rocky, ang Department of Health po ay nagbigay abiso kahapon na babaguhin na po natin kung paano po natin niri-release ang ating case bulletin. So starting March 7, that's Monday next week, we will be issuing a revised case bulletin kung saan mas magpu-focus na po tayo sa severe and critical cases and the utilization in our ICUs. Previously, mga case numbers po kasi ang nilalabas natin; mababago na po. As to

the frequency, it is going to be once a week compared to before na araw-araw po ay naglalabas tayo ng case bulletin.

Regarding the public tracker naman po, we still retain the public tracker. But eventually, ipi-phase out din po natin na magiging once a week na rin po kasabay or aligned with our case bulletin. But for next week, starting March 7, we have once a week case bulletin and the public tracker still will be released every day.

**USEC. IGNACIO:** Thank you, Usec. Vergeire. Tanong pa rin po ni Wena Cos: Usec. Vergeire, sa ngayon ba ay may nakikita nang surge dahil daw po sa campaign activities?

**DOH USEC. VERGEIRE:** Well, base sa atin pong mga talaan at pagmu-monitor ng mga kaso, nag-umpisa na po ang mga campaign sorties 'no early part of this year and even last year, actually, pero nakita ho natin na wala naman po tayong nagiging uptick ng mga numero ng kaso. Lahat po ng ating areas sa ating bansa, patuloy po ang pagbaba ng mga kaso. Lahat po ay nasa minimal to low risk, except for two areas in the country na atin pong binabantayan dahil mayroon silang moderate na lang po na ICU utilization. Pero bukod doon, case trends across all regions of the country, across all areas of the country are low to minimal po.

**USEC. IGNACIO:** Thank you, Usec. Vergeire. Tanong po mula kay Red Mendoza ng Manila Times: Usec. Vergeire, iyon daw pong paglipat ng reporting ng COVID-19 cases from daily to weekly at pagri-report ng mga severe and critical, kung magiging permanente na ba or mauulit pa rin ang daily case reporting once daw po na may malaking surge na magaganap?

**DOH USEC. VERGEIRE:** Yes 'no. So unang-una, balikan natin iyong objective bakit po ba natin pinapalitan ng ganito ang ating case bulletin. Gusto ho nating tanggalin iyon pong mindset ng ating mga kababayan na numero po ang tinitingnan natin. Because we have seen during this Omicron situation that the situation or the characteristic of the virus has become milder compared to the Delta variant. Ngayon po, kaya po natin nililipat kasi mas kritikal po at should be the consequence that the population cares about itong severe, critical at saka iyong mga namamatay at kung mao-overwhelm ang ating healthcare system.

So base po doon sa tanong ni Red kung ito po ay mababago, kung saka-sakali pong dadating tayo sa punto 'no in this situation that we have while in transition, dumating po na tumataas uli ang mga numero po ng ating kaso, we will be providing information to the public. Pero ito pong ating paglalathala ng atin pong severe, critical at saka healthcare utilization through ICU, ito po iyong atin pong magiging permanente na.

So as to the case numbers kung mga mild po iyan, we treat it like it's part of our lives. We live with the virus. Iyong severe at critical ang pagtuunan po natin ng pansin.

**USEC. IGNACIO:** Thank you, Usec. Vergeire. Sec. Karlo, tanong po ni Red Mendoza: Hindi ba worry ang biglaang pagbulusok ng mga pumapasok sa trabaho ngayong araw na ito at baka raw po magkaroon ng minor surge ng mga kaso dahil sa agarang pagluluwag to Alert Level 1?

**CABSEC NOGRALES:** Well, kagaya nang sinabi natin kahapon, kaya nga po may mga panibagong guidelines po tayo. Inilabas na po natin ang new guidelines, in-announce po natin iyan. At ang Department of Health, ang inyong PCOO at ang iba't ibang ahensiya ng gobyerno ay maglalabas ng mga reminders, announcement, social media cards to constantly remind the public kung ano iyong mga dos and don'ts even under Alert Level 1.

Pangalawa, iyong ating panawagan din 'no sa mga employers, sa mga kumpaniya, sa mga corporations to also be active in doing your part to prevent any infections doon sa inyong workplace 'no. Kaya nga po mayroon dapat kayong health and safety officer. And dapat i-report din po 'no, kabilang doon sa reporting requirements ng employers ang pag-report din po ng kanilang mga workers or empleyado na na-infect ng COVID.

Pangatlo po, after more than two years battling this virus, I think it is incumbent in each and every Filipino and Filipina, sa ating mga kababayan, to take iyong responsibilities din po natin. Sa mga reminders natin na laging nakasuot ng face mask. Kapag pumasok kayo sa trabaho, sa inyong workplace, always wear your face masks 'no, hugas ng kamay, as much as possible kung kayang mag-social distancing. Take all precautions 'no necessary, especially iyong vaccinated kayo fully at kung the time for boosters at kayo po nasa ano na—for boosters nasa schedule ninyo po ang magpa-booster ay magpa-booster na rin po tayo. Dagdag protection din po iyan sa work place.

**USEC. ROCKY IGNACIO:** For USec Vergeire pa rin po. Tanong pa rin ni Red Mendoza: May projections na ba ang FASSSTER regarding sa paglipat po ng ilang lugar sa Alert Level 1?

**USEC. MARIA ROSARIO VERGEIRE:** Wala pa Red, mayroon silang projections from last week pero hindi pa ito iyong sa Alert Level 1. They will be reporting to IATF this Thursday and we will give information to the public after that.

**USEC. ROCKY IGNACIO:** Thank you, USec. Vergeire. Tanong po mula kay Dreo Calonzo ng Bloomberg for Secretary Carl: Is that P12 billion economic gain from resuming face-to-face classes on top of the figures you gave when you were discussing benefits of Alert Level 1?

**SECRETARY KARL CHUA:** Yes, on top po siya kasi iyong Alert Level 1 ay tungkol lamang sa increase in capacity. So, that will be addition all benefit. Kaya if we want a full recovery then hindi sapat iyong Alert Level 1 dapat bumalik din iyong face to face learning. Kasi, you know 40% of our population are in the school age. So that is a big contributor to the economy, thank you.

**USEC. ROCKY IGNACIO:** Thank you Secretary Carl. Secretary Karlo, from Ivan Mayrina ng GMA news: Justice Secretary Menardo Guevarra to the UN Human Rights Council that the DOJ is prepared to endorse to the NBI 250 cases involving reported deaths arising from government's anti-drug operations.

Secretary Guevarra also said they are about to initiate the process of prosecuting law enforcement officers involved of the deaths of known activist in what is now referred to us bloody Sunday.

What does the Palace say to this? And does this not reinforce the long-standing allegations of abuse in the war on drugs and human rights violations under the Duterte administration?

**CABSEC KARLO NOGRALES:** No, what it shows very clearly is that there is a mechanism for accountability that is working here in our country, in our jurisdiction. So unang-una sa lahat, this administration your government does not condone any abuses made by any official or worker in government.

Pangalawa po, kung may pang-aabuso ay we will prosecute and deal with these abuses and those who are abusing their authority with the fullest extent of the law. And pangatlo, that the mechanisms are working in this country that afford and ensure that justice is served.

**USEC. ROCKY IGNACIO:** Opo. From Maricel Halili ng TV 5: Secretary Karlo, tama bang sabihin na nasa 60,000 ang capacity sa NAIA noong pre-pandemic. If that's the case bakit daw po 10,000 lang ang ia-allow na passenger capacity ngayong nasa Alert Level 1 na?

**CABSEC KARLO NOGRALES:** Actually, according to the Department of Transportation, ang actual capacity ng NAIA po pre-pandemic was 45,000 and right now sa pag-shift natin ng Alert Level 1 siyempre ini-increase gradually ng DOTr, gradually ini-increase ng DOTr and safely nai-increase in a calibrated manner ang pag-i-increase ng ating capacities. So that, we can ensure na nakalagay at sinusunod ang lahat ng mga protocols and procedures and this gradual increase will eventually lead us to pre-pandemic levels.

**USEC. ROCKY IGNACIO:** Opo. Pahabol na tanong ni Maricel Halili Secretary Karlo: Will President Duterte attend the special summit of the US and South East Asian leaders on March 28 and 29? If he will, will he be there personally or virtual?

**CABSEC KARLO NOGRALES:** We'll get back to you on that.

**USEC. ROCKY IGNACIO:** Secretary Karlo, tanong po ni Tuesday Niu ng DZBB: Sabi po ni DILG Secretary Ed Año sa Talk to The People, nasa 74.94% na ang pamamahagi ng ayuda sa mga biktima ng nagdaang Bagyong Odette.

Bakit po parang mabagal ang pamamahagi ng ayuda gayung magtatatlong buwan na po matapos ang bagyo, ano po ang nagiging problema o hadlang bakit hindi pa nakukumpleto hanggang ngayon ang pamamahagi?

**CABSEC KARLO NOGRALES:** Well, una sa lahat it's two months since Odette happened, a little over two months and lahat ng mga—siyempre mino-monitor ng DILG 'no lahat noong pamamahagi ng ayuda na ginagawa ng bawat LGU doon sa Typhoon Odette affected areas.

Iyong mga LGUs na mabagal ay binigyan na po ng show cause order ng DILG for the LGU and their officials to explain to the DILG bakit hindi pa nila nakukumpleto ang pamamahagi ng ayuda.

So, mayroon na pong show cause order iyan. So hintayin na lang po natin na dumaan sa proseso ng pag-e-explain ng mga LGU. So after the show cause order mayroon pa pong mga ibang hakbang na mga gagawin ang DILG pagkatapos po niyan.

**USEC. ROCKY IGNACIO:** Opo. From Llanesca Panti ng GMA News Online: May Palace comment po ba on the arrest of Karapatan's Agnes Mesina yesterday using a warrant in a case na dismissed na last year, policy po ba ito ng Duterte administration?

**CABSEC KARLO NOGRALES:** Paano ulit?

**USEC. ROCKY IGNACIO:** Iyon daw po kung policy daw po ng Duterte administration. Inaresto daw po si Karapatan Agnes Mesina yesterday using a warrant in a case dismiss na daw po last year?

**CABSEC KARLO NOGRALES:** Let me get the facts of the case first 'no, and then we will get back to you on that but siyempre as we know na procedurally po, we only execute iyong warrant of arrest that are enforceable.

**USEC. ROCKY IGNACIO:** Thank you Sec. Karlo. From Dreo Calonzo ng Bloomberg: Sa face to face classes—for USec. Vergeire: Ano daw po ang posisyon ng DOH sa pagpapatuloy po ng face to face classes especially considering that kids' vaccination has just started, USec. Vergeire?

**USEC. MARIA ROSARIO VERGEIRE:** Yes, USec. Rocky, can you hear me?

**USEC. ROCKY IGNACIO:** Yes, opo.

**USEC. MARIA ROSARIO VERGEIRE:** Yes, opo. Kami naman po ay sumusuporta sa Department of Education simula po noong umpisa tungkol po dito sa face-to-face classes ng ating mga younger ones.

Ngayon pong nasa Alert Level 1 na tayo suportado pa rin po natin dahil may mga protocols naman po tayo and safeguards in place para maituloy po itong face to face classes. Kailangan lang po talagang magbalangkas ng mga guidelines and of course the approval of the President regarding the further expansion of these face-to-face classes.

**USEC. ROCKY IGNACIO:** Thank you, USec. Vergeire. Tanong po ni Ace Romero ng Philippine Star: Secretary Karlo, has the President suspended the E-Sabong permit? Why did he agree to do so?

**CABSEC KARLO NOGRALES:** Well, first of all procedurally kailangan pa po natin, kailan po ng Senate Resolution to be sent to PAGCOR then PAGCOR to advise the Office of the President with regards to that.

So, as of the moment wala pa po tayong any indication na mayroon pong Senate Resolution to that effect given to PAGCOR or even to the Office of the President. So, wala pa po!

**USEC. ROCKY IGNACIO:** Opo. Basahin ko na lamang po iyong tanong ni Vanz Fernandez para po kay Secretary Carl Chua: How does the President daw po plan to transfer effectively the management of economic recovery post pandemic to his successor once his term ends?

**SEC. KARL CHUA:** Well, I cannot preempt the President but the economic team is preparing our agenda that we can share with the next administration and we hope that the next administration will continue all the very good reforms that we have started and I think that is critical actually in our full economic recovery. Thank you.

**USEC. ROCKY IGNACIO:** Thank you Secretary Carl. Secretary Karlo?

**CABSEC KARLO NOGRALES:** Maraming, maraming salamat, USec. Rocky. At maraming, maraming salamat din po kay Secretary Carl Chua ng NEDA at kay DOH Undersecretary Rosette Vergeire.

Mga kababayan, saktong isang taon mula ng inilunsad natin ang pinakamalaking programa sa pagbabakuna sa kasaysayan ng ating bansa at ngayon ay ibinaba natin sa Alert Level 1 ang maraming lugar sa Pilipinas.

Isa lamang po ang ibig sabihin nito, gumagana ang bakuna, vaccines work. Walang duda sa bisa nito para mapagtagumpayan natin ang COVID-19 virus. Kaya patuloy ang ating panawagan sa pagbabakuna at panghihikayat sa ating mga kababayan na magpa-booster na po.

Dito naka-angkla ang karagdagang protection sa banta ng virus sa ting buhay. Dito nakasalalay ang muling pagsibol ng kabuhayan. Vaccines do not only save lives; they also save livelihoods.

Kaugnay nito, nagpapasalamat kami sa lahat – sa ating medical frontliners, sa ating mga vaccinators, sa mga kawani ng pamahalaan, at mga kasangga sa pribadong sector at higit sa lahat sa ating mga kababayan.

May liwanag na sa dulo ng lagusang ito. Magtatagumpay po tayo sa ating laban. Manalig lamang. Makipagtulungan lamang.

Maraming, maraming salamat po and God bless.

**USEC. ROCKY IGNACIO:** Thank you, Secretary Karlo. Pero may pahabol na tanong kasi po ayaw kang pakawalan: What is the President's status suspending the E-Sabong permit? Senator Sotto said he is in favor of it, kailangan daw nila ng side ng Palace – mula kay Ace Romero ng Philippine Star.

**CABSEC KARLO NOGRALES:** Yes, as answered a while ago, wala pa po tayong nakikitang Senate Resolution, walang Senate Resolution na binigay or pinadala sa Office of the President. Wala pong Senate Resolution na binigay or pinadala sa PAGCOR.

So wala pa po tayong abiso. These are all reports that we read in the newspapers. These are reports that we heard, but there is no official document that has been transmitted either to the Office of the President or to Malacañang or to PAGCOR or to whatever.

Wala pa pong Senate Resolution, so it's all—there is no paper to show or point to anything. So, ganoon po ang status ngayon.

**USEC. ROCKY IGNACIO:** Thank you, Secretary Karlo. Thank you rin po kay Secretary Karl Chua, kay USec. Vergeire at sa Malacañang Press Corp. Thank you, Secretary Karlo Nograles. Back to our main studio sa People's Television Network.

##

--
*News and Information Bureau-Data Processing Center*